# Ang Tatay kong Cochero

**Jimmuel C. Naval**

UNANG SAKAY KO sa kalesa kanina. Inikot namin ang buong Luneta. Tatlong taon na ako sa opisina naming katabi ng Luneta Hotel pero hanggang takatak lang ng kabayo ang naririnig ko araw-araw. Nang magkaroon ng earthquake drill sa building namin na sinabayan pa ng brown out, sinamantala namin ang pananatili sa labas. Nagkayayaang sumakay sa kalesa para raw tanawin kung sagabal ba talaga ang isang malaking condominium kapag tiningnan ang monumento ni Rizal. Pero sa halip na ang photobomber na iyon ang mapansin ko, ang bawat paghakbang ng kabayo at *paghiya* ng kutsero ang naghatid sa akin ng isang gunita ng aking pinagmulan.

Lahat yata kami ay lahi ng cochero. Ang nuno ko na tatay ng lolo ko ang orihinal bagama't hindi kotse ang pinapatakbo niya kundi isang kalesa. Ang sasakyang ito na hatak-hatak ng isang kabayo ay isa sa unang nagserbisyo sa bayan namin sa Silang. Ipinasa niya ito sa lolo kong nang lumao'y naging tagapagmaneho ng trak na naghahatid ng tinabas na tubo mula Canlubang, Laguna hanggang sa Azucarera ni Don Pedro sa Nasugbu. Ang tatay ko naman ay nagsimulang magmaneho ng mga unang jeep ng Sarao na limahan lang sa isang hilera at de-gasolina. Samantala, dalawa sa tiyuhin ko na kapatid ng aking ina ay umekstrang ayudante ng perokaril patungong Bikol. Nang ideklara ang batas militar at nagsimulang tumaas ang presyo ng gasolina, iniwan ni Itay ang pagmamaneho ng jeep at bumili ng sariling motorsiklo at nagpagawa



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 130 11/7/2017 3:38:49 PM

ng sidecar upang mamasahero mula sa plasa patungong palengke. Siyempre pangalan ko ang nakalagay sa harapan ng traysikel at apelyido namin ang nasa saya nito sa likod.

Anim na taong gulang ako nang magsimulang umangkas kay Tatay sa tuwing maglalabas siya ng traysikel. Unang araw ng pasok ko sa Grade 1 noon, natatandaan ko. Ikalawang linggo ng Hunyo at malakas ang ulan. Sa loob ng sidecar niya ako pinasasakay dahil malakas nga ang ulan, pero sabi ko baka walang pumara sa traysikel namin kapag may nakakitang may sakay ito. Sayang din ang dalawang pisong pamasahe noon kada isang pasahero. Kaya sa likod ng tatay ko ako umangkas. Mula noon lagi na lamang ako nakabuntot sa puwitan ng lumang motor na Kawazaki ng tatay ko. At kahit minsan hindi niya ako pinaglakad. Sisigaw siya lagi ng "Hiya, kapit anak!" sa tuwing aarangkada ang traysikel na animo'y nagpapatakbo ng kabayo.

Tuwing alas kuwatro ng madaling araw, nag-aabang na ang tatay ko sa plasa ng Silang upang hintayin ang mga nagtitinda ng isda galing Balayan at Nasugbu. Ibababa ang mga ito ng bus na BLTB Co. at tatawag ng traysikel upang magpahatid sa palengke. Isa si Tatay sa mga naunang nagseserbisyo sa mga mag-iisdang Batangenya lalo na si Aling Haneng na taga Wawa sa Nasugbu. Dekada sitenta pa nang una siyang naging suki ni Aling Haneng. Tuwing Martes, Huwebes, at Linggo lamang ang araw ng palengke sa Silang kaya tatlong beses isang linggo siya gumigising nang madaling araw upang abangan ang regular nang mga pasahero. Pagkahatid, magsisimula na siyang maghatid ng mga mamamalengke lalo na iyong may maliit na karinderya. Ang iba nama'y maagang namimili dahil mayroong pabayani sa bukid o patrabaho kaya kailangang magluto ng tanghalian.

Iyon ang ritwal ng tatay sa loob ng mahigit sampung taon. Magseserbisyo sa mga mag-iisda kung saan hindi siya nagpapabayad. Bumabalik na lamang siya bandang alas diyes ng umaga at hinihingi ang hasang at iba pang lamangloob ng malalaking isda kasama ang ilang ulo na hindi nabili. Ito ang ibinabayad ni Aling Haneng sa serbisyo ni Tatay. Inaadobo niya ito, isinisigang o ipinapaksiw. Sa kaniya, sapat na ito bilang kabayaran. Kaya bata pa kaming magkakapatid, marunong na kaming kumain ng ulo o lamangloob ng isda na siya namang inaayawan ng karaniwang bata. Manhid na kami sa lansa at para kaming mga pusa kung kumain ng tinik ng isda. Malaki man o maliit ang tinik, kusa itong tumitiklop kapag dumadaan sa aming lalamunan.

Nang mag-first year high school ako, di na ako umaangkas kay Tatay sa tuwing bumabiyahe. Sabi niya, sayang din daw ang tatlong piso na ibabayad ng sasakay sa likod niya. At saka umaga't hapon na rin ang klase ko sa hay-iskul noon kaya wala na akong panahong maglibot kaangkas ng tatay. Sa halip ibinili ako ng isang easy rider na bisikleta na naging kakambal ko hanggang hay-iskul. Pero ang napansin ko rin noon, dumadalang na rin ang sundo ng Tatay sa mga mag-iisda tuwing madaling-araw. Minsa'y tuwing linggo na lamang ng umaga. Isang beses na lang. Hanggang sa naging dalawang beses



likhaanjournal11insidepages110617.indd 131 11/7/2017 3:38:49 PM

sa isang buwan. Naka-mimiss tuloy ang mga atay at itlog ng tambakol at tanigue. Ang paliwanag ni Tatay, wala na raw mahuling isda ang mga taga-Balayan at Nasugbu kaya madalang nang magdeliber ng isda sa aming palengke. Hanggang sa mga palengke na lang daw sa Batangas ito nakaaabot at di na sa mga karatig probinsiya tulad ng Cavite hanggang Maynila. Dahil dito, mga lumang damit na lang daw ang ibinebenta nina Aling Haneng sa palengke ng Nasugbu. Ukay-ukay kumbaga. Pero ang sabi naman ng isa kong kaklase na dating taga-Nasugbu, dumarami na raw kasi ang mga magagarang beach sa Batangas kaya wala nang lugar para sa mga konsignasyon ng mga mamamalakaya. Hindi ko alam ang koneksiyon noon sa di na pagbebenta ng isda ng mga suki ng Itay. Basta ang alam ko, nawalan ng kostumer ang Itay at di na kami nakatitikim ng mga lamangloob ng isda. Nang minsang pinag-usapan sa klase namin sa Economics ang tungkol sa paghina ng produksiyon ng isda, sabi ng titser namin, mayroon daw kasing plantang itinayo sa Calaca, Batangas kaya naistorbo ang mga isda at lumayo ito.

Nang magsimulang masira ang traysikel ni Itay, dumalang na rin ang kaniyang biyahe. Sira, gawa, sira, gawa. Nang bumigay ang *piston ring* ng motor ni Itay at walang mabiling piyesa, pansamantala niya na munang iginarahe ang aming traysikel at umekstra na lamang sa kumpare niyang operator ng maraming traysikel. Pero hindi ito regular. Bukod sa mataas na rin ang boundary, parang kakaunti na yata ang mananakay. Ang iba'y may sarili nang serbis na traysikel at dumami na rin ang mga pedicab na naging kaagaw ng mga magtatraysikel sa bayan. Minsa'y naliligaw pa rin sa palengke ng Silang si Aling Haneng na nagtitinda na ngayon ng dinaing na biya at maliit na tawilis mula sa lawa ng Taal. Matanda na si Aling Haneng pero hinahanap niya pa rin si Itay nang minsang lapitan ko siya sa puwesto niya sa palengke. Ang sabi ko naman ay di na nagtatraysikel si Itay. Kahit pa pero sabihin ko raw na ilibot naman niya si Aling Haneng sa buong Silang bago magretiro ang matandang mag-iisda ng Wawa.

Mula nang tumigil si Itay sa pagtatraysikel, di na rin niya ini-renew ang kaniyang lisensiya. Kaya naman kahit may gustong magpa-ekstra sa kaniya, hindi niya ito mapaunlakan. Subalit nang kausapin siya ng ninong kong may-ari ng isa sa matandang punerarya sa amin upang magmaneho ng carro ng patay, napabuntonghininga ito at tumango-tango. Sa unang pagkakataon, magmamaneho siya ng kotse. Nakapagmaneho na si Itay ng pampasaherong jeep at owner type noong araw, pero hindi ang Cadillac na tumatakbo lamang ng 10 kilometro kada oras. Kung sabagay, kasing bilis lamang ito ng takbo ng isang kalesa.

Isa lang ang serbisyo ng punerarya sa bayan namin noong ipinanganak ako. Dekada sitenta iyon. Siguro dahil kakaunti pa ang tao noon, kakaunti ang namamatay; o hindi kumukuha ng serbisyo ang ilan kundi gumagawa na lang ng sariling kabaong at binubuhat na lamang ito hanggang sa pantiyon. Funeraria Vedar ang kilala sa amin at



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 132 11/7/2017 3:38:49 PM

isa lang ang carro nito na kulay itim. Nang inimbita si Tatay na magmaneho ng carro, isa ako sa nangumbinsi na tanggapin niya na. Hindi dahil gusto kong magkatrabaho kaagad ang Tatay kundi excited akong sumakay ng kotse. Bilang na bilang ang nagmamay-ari ng kotse sa aming bayan noon. Kalimita'y owner type na ginagamit kapag pupunta sa bukid at ilang renegade Army type na gumagala sa plasa. Kaya naman bihirang-bihira ang nakasasakay sa magagarang kotse. Sa unang serbisyo ni Tatay, nagboluntaryo akong sumama sa kaniya. Ang sabi ni Inay baka raw bawal ang bata na sumakay sa harapan ng carro. Pero katorse na yata ako noon at kaya ko na ring tumulong para magdiskarga ng mga gamit ng punerarya. At saka anim na taon pa lamang ako ay umaangkas na ako sa traysikel ni Tatay, ngayon pa kayang mas ligtas sa kotse ng patay? Bukod kasi sa maingat na magmaneho ang tatay ko, medyo may kabagalan talaga ang pagpapatakbo ng carro. Sa una kong sakay sa carro, narinig kong ibinulong niya pa rin sa hangin ang kaniyang mantra sa tuwing ako ang kasakay niya. "Hiya, kapit anak!"

Matapos ang tatlong serbisyo ni Itay sa loob ng isang buwan, parang tumigil ang bayan namin sa pagkakaroon ng patay. Parang humaba ang lahat ng buhay at bumaba ang mga nagaganap na krimen. Iyong huling dalawang namatay ay tinamaan pa ng kidlat at natuklaw ng ahas. Kaya naman bihira na rin ako makasakay sa carro. Nami-miss ko na rin ang ponembreng naririnig habang patungo sa sementeryo kahit noong una ay masuka-suka ako sa malulungkot na himig nito. Pero noong nagkolehiyo ako saka ko nalamang klasiko pala ang mga ipinatutugtog tuwing may libing. Ang *Ave Maria* ay isang obra maestra ni Johann Sebastian Bach na nilikha pa noong ika-17 siglo samantalang ang paboritong "Oh My Papa" ay nilikha ng isang Swisong kompositor at isinaplaka ni Eddie Fisher noong 1954.

Nang dumami na ang punerarya sa bayan namin, naging matumal na talaga ang biyahe ni Tatay. Halos lahat ng suki ng FunerariaVedar ay namatay nang lahat at mga bagong henerasyon na lamang ang natira na puro kabataan at wala pang singkuwenta. Kaya naman bumalik siyang muli sa pagtatraysikel. Pero hindi na para mamasahero kundi tagahatid na lamang ng baboy na kakatayin sa palengke. Kung dati'y alas kuwatro ng umaga siya gumigising para manundo ng mag-iisda sa plasa, ngayo'y hating-gabi pa lang ay nasa katayan na si Itay para maghatid ng buhay na baboy para katayin at ibenta sa palengke. Tulad nang dati, hindi na naman tumatanggap ng bayad ang Itay sa mga paghahatid. Sapat na ang lamangloob ng baboy para gawing tinumis, isaw, at sitsarong bulaklak. Pero dahil napakarami niyang inihahatid na baboy sa palengke lalo na tuwing Pasko at pista, nang lumaon, tumanggap na rin siya ng bayad. Dahil kung iuuwi niya pa rin ang mga bigay na lamangloob ng hayop, baka makapagtayo na kami ng karnehan o kaya inuman dahil unlimited ang aming mga pulutan.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 133 11/7/2017 3:38:49 PM

Kung bakit laging may hadlang sa papaunlad na sanang opisyo ng Itay. Nag-aaral na ako sa Maynila nang maganap ang paglaganap ng foot and mouth disease. Dahil dito naging matumal ang pagpapakatay ng baboy. Ang dating traysikel naming may malaking sidecar na walang bubong ay muling kinumberte sa isang pampasahero. Pero mas maganda na ito kaysa dati. Maraming borloloy. Bahaghari ang kulay. May kurtina ito sa likod at mayroon ding kalahating pintuan. Inilagay rin ni Itay ang pilak na kabayo mula sa unang jeep niyang Sarao na matagal niyang itinago. Sabi niya suwerte raw iyon. Tatlo ang antena nito, may malapad na saya, at siyempre may radyo na may malaking ispiker sa ilalim ng upuan. Sa loob, hindi mawawala ang maliit na imahen ng Nuestra Señora de Candelaria na siyang patron ng bayan. Parang sala ng bahay ang turing namin sa aming traysikel. At sa gabi, animo'y christmas tree sa dami ng kumukutitap na ilaw.

Nakilala ang traysikel namin sa buong Bayan dahil sa dekorasyon nito, maingay na busina, at kakaibang galaw sa lansangan. Subalit nitong bago mag-Pasko nang minsang nagkasugat sa kaliwang hinlalaki si itay at lumalala ito hanggang mamaga at di na makapagkambiyo, napilitan siyang igarahe ang traysikel. Sabi niya nang minsang umuwi ako galing trabaho, ipinapasa niya na raw sa akin ang traysikel. Hindi ko iyon pinansin dahil alam naman niya ang kalagayan ko. Sabi ko lang, igarahe ninyo lang diyan at patatakbuhin ko paminsan-minsan kapag umuuwi ako sabay pikit ng isang mata. Pero iba pala ang mensaheng nais niyang ipaabot sa akin sa pagsasabing ibinibigay na niya sa akin ang sasakyan. Ang kondisyon ng kaniyang paa pala ang nais niyang ipaalam sa akin. Nagsimula ito nang matalisod siya at natuklap ang kuko ng kanyang hinlalaki. Namaga ito at nagkasugat hanggang di na gumaling-galing. Maraming beses namin itong ipinagamot na umabot ng isang taon. Ginamitan din ng mga halamang gamot at ibang alternatibong panlunas. Subalit nagsimula na akong nagduda at tinanong si Inay kung diabetiko ba ang Tatay. Isang mahabang kuwento ang sagot ni Inay.

Bata pa ang Tatay ko nang mapilay ang aking nuno. Natadyakan daw ng kabayo ang kaniyang sakong nang minsang pinapaliguan niya ito. Dahil sa lakas ng puwersa, umabante ang lahat ng daliri nito sa kaliwang paa hanggang hindi na maibalik. Dahil dito, nagmukhang paa ng pato ito sa lapad. Kaya pala kinagisnan nang tawaging lolo Pato ang lolo ng Tatay. Samantala, apat na daliri naman ng kaliwang paa ng lolo ang nalagas dahil sa kagat ng buwaya na gumagala pa noon sa lawa ng Laguna. Tagapagmaneho raw ng trak ng tubo ang lolo noon na pagmamay-ari ni Don Jose Yulo nang linisin nila ang trak sa pampang ng lawa. Nayapakan daw ng lolo ang likuran ng natutulog na buwaya kaya napilitan itong sakmalin ang kaniyang paa. Dahil bata pa at maliksi, naiiwas ni Lolo ang buong paa subalit hindi ang apat na daliri. Naipagamot siya at gumaling sabi ni Inay pero wala na ang apat na daliri. Mabuti na lamang at tinanggap pa rin siya ng Don kahima't baldado ang kaliwang paa subalit kaya pang tumapak sa clutch.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 134 11/7/2017 3:38:49 PM

Ngayon nama'y ang mga daliri ni Itay ang nanganganib. Malamang na diabetiko nga si Itay at hindi lang siya. Lahat ng kababata ni lolo sa aming baryo na nasa hanggahan ng Canlubang at Silang. Dito kasi matatagpuan ang 30 ektarya ng taniman ng tubo ng mga Yulo na nagsimula pa noong dekada singkuwenta. Kaya naman halos araw-araw ay may pangos-pangos na tubo ang mga bata. Samantalang abala naman ang mga kababaihan sa paggawa ng arnibal, bukayo, matamis na bao, kariba, pakumbo, at produktong maraming asukal dahil libre ang pinagkukuhanan ng matamis noon. Naging bahagi na ng sistema ng taga baryo ang tubuhan at ang tanging konsolasyon ng mga bata rito ay pagiging porselana sa puti ng kanilang ngipin dahil sa pagpangos ng tubo.

Ang mungkahi ko kay Inay bago ako lumuwas muli ay dapat patingnan sa espesyalista ang paa ni Itay. Pero tiyak akong kikibo ang Inay at sasabihin na namang walang pambayad sa pagpapagamot sa maalam na doktor. Pirmi kasing kay Doktor Velasco ang takbo ng mga taga sa amin. Halos otsenta anyos na yata ang doktor na ito na bata pa ako ay family medicine lang ang nakikita ko sa karatula ng kaniyang pangalan na di pa rin nagbabago hanggang ngayon. Lagnat at ubo raw ang espesyalidad nito kapag tinatanong ang sekretarya niyang asawa rin niya. Kaya tama lang na ipakonsulta sa Philippine General Hospital sa Maynila si Itay sa pag-uwi ko sa isang linggo dahil hindi siya gagaling sa dating kaisa-isang doktor ng bayan. Pero nang marinig ni Itay ang balak ko, abot ang iling nito at sa bukid na lang daw siya titira.

Miyerkoles nang linggong iyon nang itext ako ni Inay. Mataas daw talaga ang asukal sa dugo ni Itay nang ipina-test ito sa Health Center. Binigyan din daw sila ng tabletas na metformin na tatlong beses iinumin sa isang araw. Tulad ng aking lolo at lolo Pato, hindi marunong uminom ng gamot ang Itay. Pero di pa doon natapos ang text ni Inay. Pagkauwi raw nila mula sa Center, agad inilabas ni Itay ang kaniyang traysikel at umaatungal na pinaharurot paibaba, ang tanging daan patungong kubo namin sa bukid.

Tiyak na maingay ang arangkada ni Itay dahil hanggang primera lang ang kambyo niya. Masakit na sa kaniyang paa kung magsesegunda pa siya. Dahil dito napahawak tuloy ako sa aking kaliwang paa at hinimas ito. Naalaala ko noong bata pa ako, tuwing Sabado dumadayo pa kami ng mga pinsan ko sa Matabungkay beach upang ibaon ni Inay ang binti ko sa mainit na buhangin. Tatlong taon niya iyong ginawa hanggang sa ipinatigil ni Itay dahil wala namang pagbabago sa kalagayan ng binti ko. Ano bang meron ang aming mga paa at lagi itong may aberya? Mula kay lolo Pato hanggang kay itay, bakit laging tinutubuan ng kapansanan ang aming biyas hanggang talampakan?

Hindi ako makauuwi sa susunod na dalawang linggo. Bukod sa dadagsa raw ang aming kliyente sa telepono, mag-uulit daw ng earthquake drill ang buong kalye ng T. M. Kalaw. Papaano ko maipatitingin si Itay sa PGH? O ang mas mahalaga, ano



likhaanjournal11insidepages110617.indd 135 11/7/2017 3:38:49 PM

na ba ang nangyayari kay Itay mula nang magpasya itong tumira sa bukid at di na magpakita sa bayan? Kailangang patuloy ang panggagamot sa kaniyang paa. Bukod sa gamot na dapat niyang inumin, dapat ding bawasan ang pagkain niya ng kanin at matatamis na panghimagas na bisyo na ng taga-Silang.

Kailangang makagawa ng paraan para makauwi sa amin kahit hindi Sabado at Linggo. Nang tingnan ko ang kalendaryo, may pista opisyal akong nakita na eksklusibo lamang sa lungsod. Umuwi kaya ako? Pero hindi kaya si Itay ang dapat kong papuntahin rito upang malunasan ang kaniyang karamdaman? Baka sakaling makatulong sa kaniyang pakiramdam kung isasakay ko siyang muli sa kalesang kinagisnan niya na paikot-ikot lamang dito sa Luneta. Kung hindi, sabay kaming mamamanata sa Enero 9. Ilalapit ko siya sa andas na parang carro lamang ang galaw at ihihipo sa Poong Senyor para lamang gumaling.

Hindi ako makatulog nang gabing sumakay ako sa kalesa at inikot ang Luneta. Muling bumalik sa aking gunita ang kasaysayan ng angkan ko bilang tagapagmaneho. Subalit parang naging permanente na sa aking haraya ang kalagayan ni itay. Papaano kung tuluyang maputol ang paa nito dahil sa di gumagaling na sugat? Papaano kung magkaroon ng komplikasyon ang pagkakaroon niya ng mataas na asukal sa dugo? Wala nang tubuhan sa mga lupang pag-aari ng mga Yulo. Tinayuan na ito ng mga magagarang bahay at artipisyal na lawa na naging pasyalan ng mga taga-Maynila. Nang gabing iyon, pinaghandaan ko na ang isang madilim na panaginip.

Kahit umaga na ako nakatulog, maaga pa rin akong nagising. Para bang nasa amin ako at ginising ni Inay upang magpatuka ng manok. Naghilamos lang ako at agad bumaba mula sa tinitirhang lumang dormitoryo na tirahan din ng mga naghihintay ng tawag na seaman. Malapit lang din ito sa aming opisina sa Kalaw. Lagi ko naman itong ginagawa upang maghanap ng makakainan ng almusal. Subalit nang umagang iyon, parang iba ang hinahanap ko. Ito ay ang takatak ng paa ng kabayo. Gusto kong sumakay sa kalesa at ikuting muli ang Luneta. Ganito rin ang lolo Pato noong araw tuwing umaga. Sasakay sa alagang kabayo at iikutin ang mga burol at talampas sa hanggahan ng Silang at Canlubang. Ilang minuto pa'y isang matandang cochero at kabayo ang tumigil sa harapan ko. Mabilis akong nakaakyat nang walang ayuda. Parang normal at maskulado ang kaliwa kong binti nang itungtong ko ito sa estribo ng kalesa. Malapit na kami sa monumento ni Rizal nang biglang sumigida ang kabayo sabay hagupit ng cochero sa likod nito. Dumoble ang bilis nito sa carro. Kumaripas papaitaas na animo'y may pakpak ang kabayo. Lumampas kami sa ulunan ni Rizal at dumaan sa pagitan ng monumento at ng sagabal na condominium. Nang lumingon ako, unti-unti nang lumiliit ang estatwa ni Jose Rizal sa paningin ko. Agad kong kinalabit ang matandang cochero. Patuloy pa rin ito sa paghagupit sa likod ng kabayo habang sumisigaw.

"Hiya, kapit anak!"



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 136 11/7/2017 3:38:49 PM